

# 1

Maang na napatingin si James sa ina. Hindi siya makapaniwala sa mga binitawan nitong salita!

“Ma, you can’t be serious! You can’t be sending me to *Advercom*,” reklamo niya.

“You heard me, James. Your bohemian days are over. Tingnan mo nga ang sarili mo. You’re already twenty-nine, pero wala ka pa ring masasabing achievement. All you do is enjoy and have fun, ni hindi mo naisip na makatulong sa mga negosyo natin!” mariing sabi ni Mrs. Marinella Bermudez.

Isa ang *Advercom* sa pinakamahinang kumita sa mga kompanya nila. He even heard his parents thinking of closing down the advertising company. Kataka-takang doon pa siya gustong dalhin ng ina nang dahil lang sa eskandalong kinasangkutan niya.

Mukhang seryoso ang ginang kaya nag-isip siya ng ibang taktika. Nginitian niya ito nang sobrang tamis at nilapitan para lambingin pero batok ang nakuha niya rito.

“Ma!” angal niya habang hinihimas ang ulo.

“I am serious, James. Have you gone nuts or you just didn’t think?” Ang tinutukoy nito ay ang huling eskandalong kinasangkutan niya; may nakakita sa kanya habang nakikipaglampungan sa isang babaeng may asawang artista. Laman siya ng tabloids nang nakaraang mga linggo dahil doon.

“Galit na galit sa ‘yo ang ama mo nang makaabot sa kanya ang balita! Nasa conference siya sa Singapore, but you made him very distressed kahit na nasa malayo siya.”

Hindi siya nagsalita para hindi na lalo pang magalit ang kanyang ina. He didn’t have to tell her that every wrong thing he was doing in his life was an act of rebellion to his father. Dahil sa mga maling ginawa ng kanyang ama sa pinakamamahal at itinuturing niyang ina.

Isang katotohanan sa kanyang pagkatao na nalaman niya noong nasa Amerika pa siya nang marinig niya ang pagtatalo ng mga ito. Napakabait ng kanyang ina samantalang napakahigpit naman ng ama niya. Ang huli talaga ang kanyang kadugo.

“Okay, Ma, I admit it was a little mistake. Pero sa *Advercom*? You can’t be serious, Ma. Ipapasara na ninyo iyon ni Papa, di ba?”

Tinaasan lang siya nito ng isang kilay nang ituring niyang ‘little mistake’ ang huling eskandalong kinasangkutan niya pero hindi na ito nagsalita. “Hindi na namin ipapasara ng papa mo ang *Advercom* dahil pumayag si Bella na maging creative director ng kompanya. Her presence at *Advercom* may help revive the company. And you will be its marketing director.”

Nanlaki ang mga matang tiningnan niya ang ina. “The Isabella Valencia? She will be there?” napapantastikuhang tugon niya, “Lalong hindi ako papayag na lumipat doon!”

Bella Valencia, his childhood playmate, na sa hindi niya malamang dahilan ay galit na galit sa kanya nang umuwi siya mula sa Amerika. At ang hitsura nito ngayon! He had never seen her wearing anything other than her black makeup and all-black get-up. Isa lang ang salita na pumapasok sa isip niya kapag naaalala ang babae: weird.

Dati ay sanggang-dikit silang tatlo nito at ni Carl nang hindi pa siya nagma-migrate sa Amerika. Sila ang laging magkakasama at magkakalaro. Naalala niya, cute na cute ang Bella na kalaro niya dati. Mukha nga itong manika noong limang taon pa lang ito. Nang magbalik siya ay malaki ang ipinagbago ng babae. Nawala na ang cuteness nito at pinalitan iyon

ng nakakatakot na hitsura. Nahilig daw ito sa goth, ayon kay Carl.

Sa pagkakaalala niya sa hitsura ni Bella nang huli silang magkita ay itim na itim at may kakapalan ang kilay nito na tila hindi nakatikim ng kahit ahit man lang. Nag-stand out lagi ang mga mata nito na pinapalibutan ng makapal na black eyeliner and eyeshadow. Mayroon din itong piercing sa kilay na pinalalamutian ng isang diamond studded earring. Sinabi pa nga ni Carl, mayroon din itong tongue piercing at mabuti na lang daw at hindi pa nito pinagdidiskitahan na ang ilong naman ang butasin.

Tama rin ang sinabi ng mama niya na maaaring ma-revive ang *Advercom* dahil sa pagkuha ng mga ito sa dalaga. Bella was a gifted artist in spite of her choice in her physical look. That was a given fact. At may pangalan na rin ito sa mundo ng pagpipinta bagaman hindi ito public. Kilala ito bilang Isabella Valencia the painter, pero hindi alam ng mga tao kung ano ang hitsura nito.

Although as far as he knew, she hadn't ventured into advertising yet; pero alam ng lahat na ang pangalan nito ay synonymous na rin sa salitang 'big money'. He had seen how fast she was able to sell her entire artworks at her last exhibit without her even

gracing her own event. Pero kahit na, ito pa rin ang babaeng napakadaming angst sa buhay. She was the weirdest, the angriest, and the most impossible girl he had ever encountered!

“You don’t have a choice, James. Because from now on, we’re cutting back your allowance at wala kang makukuha sa amin nang hindi mo ngayon pinaghihirapan.”

“You can’t do this to me, Ma!” protesta niya.

“Oh, we can. Pero para sa ‘yo rin ‘to, hijo. For you to learn the word *responsibility*. Kahit na malaman mo iyon sa mahirap na paraan.”

“Pero, Mama, *Advercom* and Bella with me? That won’t work. It’s like oil and water. We can’t mix.”

“Then, try to blend in. We need her!” giit ni Mrs. Bermudez. Akmang magpoprotesta pa ang binata ngunit inunahan siya nito. “This discussion is finished, James. You have to live with what you have now. Or live like a pauper.”

Iyon lamang at tinalikuran na siya ng ina.

---

*To those of us who know the pain,*

*Cross My Heart - Ianne Lei Lauren*

---

*Of valentines that never came,  
And those whose names were never called  
when choosing sides for basketball.  
It was long ago and far away,  
the world was younger than today.  
And dreams were all they gave for me.  
To ugly duckling girls like me...*

Matamang nakatingin si Bella sa canvass na kaharap habang pinapakinggan ang kanta mula sa kanyang antigong radyo. The irony of the song.

She wasn't an ugly duckling when she was young, but then she wasn't a swan when she grew up. Napangisi siya sa naisip. She became a crow. And she liked it better that way.

Pinatingkad na niya ang asul na kulay ng damit ng batang babae na nakapinta sa kanyang canvass. Masyado siyang nakatutok sa ginagawa nang biglang sumulpot ang asungot niyang pinsan sa harapan niya.

“Gotcha!” nakangising sabi ng lalaki.

“Carl! Ilang beses ko na bang sasabihin sa ‘yo na

huwag na huwag mo akong iistorbohin sa ginagawa ko!” gigil niyang saway. Ngali-ngali niyang isubsob ang mukha nito sa palette niyang hawak.

“Asus! At kelan ba naman kita sinunod sa sinasabi mo, ha? Tingnan nga natin, ano ba ang damage na nagawa ko?” nakakaloko pang sabi nito bago sinilip ang kanyang ginagawa. “Sus! Napakadaling remedyuhan!”

Pinanlakihan niya ito ng mata. Kung sa kakulitan at kakapalan ng mukha, wala na yatang tatalo rito. But despite all of it, ito pa rin ang pinakapaborito niyang pinsan. At alam iyon ng herodes na ito kung kaya ito lang din ang tanging malakas ang loob na abalihin siya kahit pa nasa kalagitnaan siya ng pagpipinta.

“Ano ba ang problema mo? Bakit mo iniharap ulit ‘yang pangit mong mukha sa akin?” sumusukong tanong niya.

“Sinong pangit?” anito na nagpalingon-lingon pa. “Sinong pangit? Malabo namang ikaw dahil pinsan mo ang napakaguwapong si Carl Valencia at ako ‘yon. Teka, ano ba naman ‘yang kantang pinakikinggan mo? Pang-oldies,” komento nito at walang sabi-sabing pinatay ang radyo.

“Hoy! Magdahan-dahan ka naman. Bago ko pa lang naungot kay Lola Purita na ibigay sa akin ‘yang radyong ‘yan! Antigo ‘yan, baka akala mo!” nanlaki ang mga matang sikmat ni Bella.

“Obvious na obvious nga, eh. Pati kanta, antigo. Sorry na, di ko na uulitin. Baka maghiwa-hiwalay ang mga parte niyan, kargo de konsyensya ko pa ang pagkasira ng radyo mo. Mahirap nang ipagawa ang mga katulad niyan,” tugon ng lalaki.

Napangiti na lang siya, sabay iling. “Bakit ka nga nang-aabala ngayon?” ulit niya sa tanong.

Ngumisi si Carl bago sumalampak ng upo sa silya na huling inupuan ng modelong ginawan niya ng nude painting.

Kasunod niyon ay may narinig siyang tumatawag sa binata. The woman’s voice was familiar and she just had to roll her eyes in exasperation. Ang buwisit na pinsan niya, ginawang taguan ang workroom niya!

“Guess that answers your question,” anito sa pabulong na boses.

“Carl, hanggang kelan mo pasusunurin si Dawn sa ‘yo? She has been courting you since we were in our diapers. Patulan mo na kasi.”



Napahumindig na tumingin sa kanya ang pinsan. “Don’t tell me na gusto mong maging in-law si Dawn? Because I’m telling you, kapag pinatulan ko ang babaeng iyon, siguradong pikot ang kalalabasan ko. Gagamitin niya ang pagiging former military general ng papa niya para lang masilo ako.”

All he said was true. Masyadong forceful ang character ni Dawn para sa pinsan niyang maloko. Hindi rin niya nagustuhan ang pagtrato nito sa kanya noong mga bata pa lang sila. Dawn was the classic queen bee. She was the classic rebel. But years had passed and both of them have outgrown the animosity. Ngayon ay civil na sila sa isa’t isa.

Pero ang maging in-law ito? Hindi yata ma-imagine ni Bella na maging kamag-anak ang isang tulad nito.

“I heard you’ll be working with *Advercom*,” biglang singit ng lalaki.

“How did you know about that?” takang tanong niya.

“James told me,” simpleng sagot nito.

Tumaas ang kilay niya. “At kelan pa naging aware ang best friend mo sa mga aktibidades ko sa buhay?”

It was impossible that James would be interested in what she did in her life. Hindi ang tulad nitong isang bohemio at gigolo ang gagawa ng paraan para alamin ang kahit ano tungkol sa isang ‘buhay na multo’ na katulad niya. Tinatawag pa nga siya nitong ‘Sadako’ maski nakatalikod o nakaharap man siya rito. And he was good friends with Dawn which doubled her irritation toward the man.

“Ginawa siyang marketing director ng mama niya sa *Advercom*,” anito. “O, ang mouth mo, naka-open. Baka pasukan ng fly,” pa-kikay na sabi pa nito.

Kaagad niyang isinara ang bibig. Kulang ang sabihing nabigla siya sa hatid nitong balita. Nayanig ang mundo niya. Nasa magnitude over-over ang gimbal na sumapit sa kanya.

Marketing director si James ng *Advercom*? Then it meant she would be working directly with him! She didn’t want to be caught in the same place with that man! Katulad ito ng papa niya na hindi marunong tumupad sa salita! Ang mga taong katulad nito ay hindi dapat pagkatiwalaan! Paanong ginawa itong marketing director ng mga magulang nito? He would only let the company down than it could possibly be considering the current situation that it was in.

Nagsimula ang crisis na iyon sa kompanya

half a year after her mother died. Ang ina niya ang nagpapatakbo sa *Advercom* bago pa nito iyon isalin sa mga Bermudez. That was the only period in her mother's life na masasabi niyang masaya ito. *Advercom*, during the time that it was under the older woman's supervision, was at its best. Iyon ang pangunahing dahilan kung kaya hindi man niya kailangan ang *Advercom* ay tinanggap pa rin niya ang pagiging creative director nito. She wanted to revive the company for her late mother.

“Why did Tita Mari make James the marketing director of *Advercom*?” nakakunot-noo na usisa ni Bella.

“James said it was sort of a punishment for him dahil sa huling eskandalong ibinigay niya sa mga magulang niya,” anang pinsan. “You're in for a big challenge, cousin,” dagdag pa nito na hindi nawala ang nakakalokong ngisi sa mukha.

Isang bahagi ng kanyang pagkatao ang nagsabing tama lamang iyon. Tama lang na parusahan ito ng mga magulang nito. He had been the most selfish creature she had ever met. Ni hindi man lang naisip ni James na tumulong sa mga magulang samantalang ito lamang ang nag-iisang tagapagmana ng mag-asawang Bermudez.

*Cross My Heart - Ianne Lei Lauren*

---

As carefree as he was, tila hindi nga yata kasama sa bokabularyo nito ang salitang ‘responsibilidad’. Tulungan sana si Bella ng nasa Itaas, kung totoong magiging marketing director ng *Advercom* ang hinayupak na lalaking iyon, kailangan niyang paghandaang mabuti ang kanilang nalalapit na paghaharap.

## 2

James was a very goodlooking man.

At sigurado si Bella na alam ng herodes iyon habang punong-puno ng kumpiyansa na nakasandal ito sa office desk niya at nakangisi.

Talk about bad luck. Ang lalaki pa ang una niyang dinatnan nang pumasok siya sa bago niyang opisina! Hay, buwisit!

“Good morning!” bati nito sa masiglang tono, punong-puno ng kapilyuhan ang mga mata. “Tell me, Sadako—err—Isabella, wala na bang ibang laman ang closet mo except for black?”

Masama ang tingin na ibinato niya rito. Was he determined to ruin her first day in office? Wala siyang oras para sa mga kalokohan ng binata. Nasira na ng ama niya ang kanyang umaga nang magpunta ito sa bahay niya, kunwari ay dinadalaw siya. Hindi na dapat pang dagdagan ni James Bermudez ang masamang umaga niya.

“Ano’ng ginagawa mo rito?”

“Wine-welcome ko lang ang kapwa ko bagong

director ng *Advercom*. May masama ba roon?” tanong nito na inosenteng nakatingin sa kanya.

“Nakita mo na ako, puwede ka nang lumabas,” malamig na sagot ni Bella.

Actually, she was hoping that her tone was cold. Matagal na niyang pina-practice ang ganoong tono sa mga taong hindi niya gusto para maramdaman ng mga itong hindi sila importante sa kanya.

“Tsk, tsk. That’s not the proper way to greet, Bella. I just said I was trying to welcome you,”

Tinalikuran niya ang binata habang nagbibilang siya ng sampu sa isip. Itinuon na lang niya ang pansin sa loob ng kuwartong ookupahin niya. Hindi niya gusto ang pagkakaayos niyon. Masculine ang style at napansin pa niya ang ilang men’s magazines na triple X pa ang nasa center table sa lounge area ng opisina niya.

At utang-na-loob! The wallpaper of the room and some of the furnitures were giving sexual connotation. And why would there be a stock of condoms on it?

“Did you like your new room? This should have been mine. But I decided to give it up and hand it to you instead,” saad ni James na nakatayo na ngayon sa likuran niya.

Kaya pala! Ultimo sa pagkaka-design ng opisina niya, gusto pa rin siya nitong inisin. Buwisit na lalaki!

Ilang beses at halos nagsusumigaw sa isip ni Bella ang salitang iyon. Nagtagumpay ang herodes. Sinira nito ang unang araw niya. Pero hindi siya dapat mawalan ng kontrol. Siguradong mas matutuwa pa ito kung makikita nitong galit siya.

“Are you now having a good laugh at my expense because of all these?” aniya bago lumapit sa console table. “Na para bang maapektuhan ako nito?”

Kinuha niya ang isang magazine na nasa ibabaw niyon. She smiled at him with what James called her ‘horrific smile’. Isa raw siyang buhay na multo. Hah!

Nakita niya ang pagkunot ng noo ng lalaki, nawala ang relaxed attitude nito.

“Sabagay, mga mababaw at pervert na tao lang naman na katulad mo ang makakaisip ng mga ganitong antics. To think that you’re the marketing head and just these? Tsk, tsk.” Umiling-iling pa si Bella.

“How dare you—” simula ni James ngunit mabilis niyang inunahan.

Ibinalik niya sa mesa ang babasahin. “Wala ka na

sigurong ibang kailangan. I have to leave you here, though. I'm off to meet my new staff. 'Bye!' Iyon lang at kaagad niya itong tinalikuran.

Nakahinga siya nang maluwag nang nasa labas na siya ng opisina. Natakasan din niya ang herodes na lalaki... nang bigla itong magsalita nang pabulong sa likuran niya.

---

“Hindi ko sinasabing tapos na tayong mag-usap, babaeng multo,” bulong ni James kay Bella pagkatapos niya itong habulin.

Sapat ang lapit ng katawan niya rito para maamoy ang mabining pabangong gamit nito which contrasted her ghost-like get-up. And her hair smelled like fruits or flowers? Hindi niya alam sa dalawa, pero ang tumatak sa isip niya ay ang kahali-halinang amoy niyon. Bahagya siyang natigilan.

Ngunit lalo lamang siyang namangha nang biglang humarap sa kanya ang babae at natitigan niya nang malapitan ang mukha nito. Isang dangkal lang layo ng mukha nito sa mukha niya.

She still had it, those long curly eyelashes and soft brown eyes na binagayan ng maliit na mukha. Makinis ang kutis ng babae, not even a single blemish



on her face. Natural ang arko ng mga kilay nito at wala na ang pierce ng hikaw na dati ay naroon. At ang mga labi nito—it's neither full nor thin but with the right plump that he'd be begging to kiss. At tinatakpan lang ang mala-manika nitong kagandahan ng black nitong makeup!

“Bakit ganyan kang makatingin?” ani Bella sa nag-aalinlangang boses.

Tumutok ang mga mata niya sa mga labi nito. Those delectable lips...

Naalala niya nang kabataan nila bago pa siya tumulak patungong Amerika at nagnanakaw sila ng makopa na tanim ng hardinero nilang si Mang Jaime. The fruit reminded him of her lips and it was even deterred by her black lipstick. Dahil hindi natakpan ng lipstick nito ang hugis ng katakam-takam na mga labing iyon.

Hindi na nakapag-isip si James. Bigla niyang hinila ang dalaga at hinapit ito sa baywang. Kaagad niyang siniil ng halik ang mga labi nitong bahagyang nakaawang dahil siguro sa pagkabigla. He wanted to taste those lips. Gusto niyang malaman kung katulad nga ng makopa ang texture ng labi nito.

And it was even better. Much, much better!

But his taste-test only lasted for more than a second dahil kaagad siyang itinulak ni Bella. Para siyang natulig nang bumaling ang mukha niya sa kaliwa dahil sa sampal nito. Pakiramdam ni James ay mamamaga ang kanyang pisngi dahil parang namamanhid iyon ngayon.

“You! You pervert!” galit na galit na sigaw nito.

Pulang-pula ang mukha ni Bella, nawala ang pamumutla na lalong nag-compliment sa ganda nitong noon lang niya muling natuklasan. James wondered what was the real color of her lips behind that black lipstick.

Napatingin siya sa iilang tauhan ng *Advercom* na nakapuwesto sa labas ng opisina ni Bella. Maang na nakatingin ang mga ito sa kanilang dalawa.

Saka siya muling natilihan. What did he just do?

Did he just kiss the woman he called ‘Sadako’? Tinitigan niya ang babae na noon ay halos mangiyak-ngiyak na dahil siguro sa galit sa kanya. What his shallow antic he planned for a week wasn’t able to accomplish what he hoped a while ago, he did with a kiss which lasted only for a second.

Pero hindi na ito si ‘Sadako’ sa paningin niya ngayon.

“Kasalanan mo,” aniya sa babae.

Namamanghang tinitigan siya ng kababata. Alam niya ang iniisip nito. How could he say that? Hindi ba’t siya pa nga ang basta-basta na lamang dumaklot dito at humalik? Pero totoo namang kasalanan nito.

“Gumanda ka na kasi sa paningin ko,” dagdag pa ni James bago sinalat ang sariling labi. He had a stain of her black lipstick. Hindi niya nasiguro kung nandoon pa rin ang tongue piercing nito. Hindi siya naging ganoon kasuwerte para malaman iyon.

Muli niyang tinitigan ang light brown nitong mga mata. Nalulunod siya sa mga iyon. Siya man ay nabibigla rin sa inaakto niya ngayon, sa nararamdaman niya ngayon. Para bang may nagising sa loob niya na dating tulog.

He was waiting for a rejoinder from the woman. But he knew none was coming. Binigla niya ito sa kanyang ginawa. He also knew he was her first kiss. Nakakapagtakang masaya siyang malaman iyon.

“Stop looking at me like that. Iniisip kong gusto mong halikan kitang muli,” babala niya. “Ginawa ko na, hindi ako mangingiming gawin ulit iyon.”

Naningkit ang mga mata ni Bella. Her nose was flaring, galit na galit ang hitsura nito. He knew by

that expression in her face, gusto siya nitong sugurin pero hindi nito iyon ginawa.

“You!” anito. “You are the most despicable, most evil, most irresponsible man I’ve ever met! You kissed me just to get even, para sirain ang unang araw ko! Congratulations, you just did!”

Tinalikuran niya ito. He wasn’t seeing what he just did in that way. Iyon nga lamang, hindi rin niya maintindihan kung bakit niya hinalikan ang babae at kung bakit gayun na lamang ang pagpipigil niya na huwag itong halikan muli.

“I can’t believe Tita Mari made you head of the marketing department when you’re so irresponsible!” halos sumisigaw na sabi nito habang hinahabol siya. “You’ll lead this company to its downfall!”

Hinarap niya ito. Her words were harsh but he heard worst. Karamihan ng masasakit na salitang iyon ay galing sa kanyang ama.

“Ganyan talaga,” kibit-balikat pang sabi ni James. “I can’t just please accomplished people like you,” sagot niya.

Natigilan ang dalaga, hindi kaagad nakasagot. Hindi ito makapaniwala sa narinig mula sa kanya.

“You don’t care about a thing I said?”

Tiningnan niya ito at dahan-dahang nilapitan. The woman amused him again when in each step he made, sabay ring umaatras ang babae.

“D’yan ka lang!” anito. “Huwag kang lalapit.” She was extending her arms, palms spread in front of him na para bang handang-handa siya nitong itulak kung sakaling dumaiti ang anumang parte ng katawan niya sa balat nito.

“Hmm... natatakot ka ba sa akin, Bella?” nanunuksong sabi niya.

“Of course not!” awtomatikong sagot nito.

“Then, why are you stepping backwards?”

Habang sinasabi niya iyon ay patuloy pa rin siya sa paglapit dito at patuloy pa rin ito sa paghakbang paatras.

---

“Stop toying with Bella, James.” Mula sa kanyang likuran ay narinig ng dalaga ang boses ng isang matandang babae.

Kaagad niyang nilingon ang kanyang tagapagligtas. Si Tita Carmela! Isa itong dating account executive

ng mama niya na sa pagkakaalam niya ay retired na ngayon. But she was sure glad she came in on time.

Kaagad siyang lumapit dito para makalayo kay James. Pero hindi nakaligtas sa kanyang mga mata ang pagngiti ng lalaki. Herodes talaga ang kababata niya!

“Hi, Tita,” bati nito sa matanda. All smiles na naman ito, pinapakawalan ang charms. Isinuksok pa nito ang dalawang kamay sa harapang bulsa ng pantalon.

“Ano sa tingin mo ang ginagawa mo, James Lawrence?” sita nito sa lalaki.

“Ano ba ang ginagawa ko, Tita? Nilalapitan ko lang si Bella, may masama ba d’on?”

“I saw you kiss her!”

Ramdam niya ang pag-iinit ng kanyang mukha dahil sa sinabi ni Tita Carmela. Nilingon niya ang mga empleyadong tila nakapanood ngayon ng isang magandang eksena ng commercial. Pero hindi iyon akto lang. Talagang biglaan, hinalikan siya ng binata.

Siya ma’y nabigla sa ginawa ni James. At sinabi nitong gumanda na raw siya sa paningin nito? Anong rason iyon? Dahil doon kaya basta-basta na lang siya

nitong hinalikan?

Pinaglalaruan siya nito! Siguradong-sigurado siya na hindi siya kailanman magugustuhan ng binata. Isa nga siyang ‘babaeng multo’ sa paningin nito, hindi ba?

At ginawa nito iyon sa harap ng mga empleyado! Had he gone nuts?

“Oh, that.” Nagkibit-balikat ito. “Just can’t help it,”

Napamata si Bella sa lalaki. Ano ba ang pinagsasabi nito? Hindi na niya talaga ito maintindihan.

“Gusto mo lang sirain ang unang araw ko dito sa *Advercom*,” sita niya.

Ngumiti lamang ito sa kanya pero hindi sinagot ang sinabi niya. Lalong nagsumiklab ang inis niya at akmang sisinghalan niya ito, pero naunahan siya ni Tita Carmela na magsalita.

“Bilang general manager n’yo, I won’t allow this kind of attitude, James. You should be more proper in dealing with your colleagues. Especially with Bella. Direkta mo siyang makakasama sa trabaho. Say sorry to her.”

Ang lalaki naman ang parang nabigla sa sinabi

nito.

“For what?” anito.

“Dahil biniro mo siya at hinalikan,” walang gatol na tugon ng matandang babae, nakataas ang noo.

“Kayo naman, pakiramdam ko bumalik ako sa pagiging kinder. It’s just a joke, Tita.”

Muli itong ngumiti at nilapitan ang kanilang GM. Bahagya siyang lumayo habang humahakbang palapit sa lugar nila ang binata.

Napansin iyon ni James. Ngumisi ito sa kanya. Lalo tuloy mas naging definite ang kaguwapuhan nito kahit para sa kanya ay masyadong pilyo ang pagkakangisi nito. Lalo lang siyang nainis dahil doon!

“Relax, Bella,” anito saka binalingan si Tita Carmela. “And I don’t say sorry for kissing a girl.” Hinalikan nito sa pisngi ang matanda bago siya kinindatan.

Playboy talaga!

“I’ll send someone to redecorate your room,” huling sinabi ng lalaki bago sila tinalikuran.

“Kita n’yong asal ng lalaking iyon,” kaagad niyang baling kay Tita Carmela.



Ngumiti muna ito sa kanya ang matandang babae bago binalingan ang mga empleyado.

“O, tapos na ang palabas. Hala, bumalik na kayo sa mga trabaho n’yo. Maloko lang talaga si Mr. Bermudez,” sabi nito bago bumaling sa kanya. “Okay ka lang ba, hija?”

Bahagya siyang tumango. “Medyo ayos na ho. Nabigla lang ho ako ng lalaking iyon.”

Pero bakit ba ganoon lang ang naging reaksyon niya? Bakit ba hindi niya mapigil-pigilan ang mabilis na pagtibok ng kanyang puso pagkatapos ng halik na iyon? At bakit parang mas nakahinga pa siya nang maluwag nang sinabi ng lalaki na hindi ito magso-sorry sa paghalik sa kanya?

Ah, ginugulo ni James ang isip niya!

---

*Don't give it a second thought*, ani James sa sarili.

Naroon siya sa loob ng opisina niya. Unlike Bella’s room, mas pormal at masculine ang hitsura ng kuwarto niya. Props lang ang nasa kuwarto ng babae. Nilagay niya iyon para inisin ito.

But things didn’t happen according to plan.

Because one look into her eyes at nagbago na ang lahat. Then he kissed her at nagkagulo-gulo na ang mga pangyayari.

Siya man ay nagulat din sa ginawa. Hindi naman siya nauubusan ng babae para pagbalingan si Sa—Bella. See! He can't even call her names now!

Ano ba ang ginawa sa kanya ng babaeng iyon?

Pero totoo ang sinabi niya kay Tita Carmela. He was not sorry for kissing Bella no matter how brief it was. Actually, he wanted to kiss her again. He wanted to teach her how to kiss.

Nang tumingin siya sa salamin ng bintana ng kanyang opisina ay kaagad na kumunot ang noo niya. Did he just see himself stupidly smiling just because he imagined kissing Bella? Nababaliw na ba talaga siya?

Kaagad niyang kinuha ang susi ng kotse niya at binalingan ang cell phone. He had to call another woman.

# 3

“I have heard na may bagong produkto ang *San Gabriel Brewery*. Malaking account ito and I need you both to meet Mr. San Gabriel and find out if we can represent that new product, Bella, James.” Kaharap ng dalawa si Tita Carmela nang araw na iyon.

Exactly two weeks simula nang unang araw ng dalaga sa opisina. After the kissing incident ay halatang iniiwasan siya ng binata. Ngayon ay nakatayo ito sa kabilang dulo ng opisina malayo sa kanya. Na para bang mayroon siyang sakit na nakakahawa.

Buwisit na lalaki! At kung iisipin pa, sa dalawang linggo rin na iyon ay wala man lang itong naipapasok na account sa opisina nila.

The reason why *Advercom* still survived the cutthroat competition of the advertising business was because it became a part of the *Bermudez Group of Companies*. Kung hindi dahil sa suporta ng mother company nila, matagal nang bankrupt ang *Advercom*. Pero hindi naman maaaring lagi na lang silang umasa sa ganoong tulong. Tita Mari gave them six months to improve the financial standing of *Advercom*. Kung hindi ay ipapasara nang tuluyan ang kompanya.

All of those things didn't matter to him.

Parang wala na nga yata itong pag-asa pang magbago. Palihim niya itong tiningnan at nakita niyang hindi man lang ito nakikinig kay Tita Carmela.

Lalong kumulo ang dugo niya sa binata.

“You shouldn't be here.” Hindi na niya napigilan ang sarili, bigla na lang siyang nagsalita. Derecho siyang nakatingin kay James.

“Come again?” Si Tita Carmela ang sumagot.

“James shouldn't be here. Bakit hindi na lang tayo maghanap ng ibang marketing officer, Tita? Wala rin naman naitutulong ang lalaking iyan sa kompanya. Nagsasalita kayo sa harap namin, pero hindi man lang siya nakikinig,” tuloy-tuloy na sabi niya.

Tumingin sa kanya ang lalaki. “Believe me, Bella, I begged off. Pero hindi pumayag si Mama.”

“Yeah, so you're going to waste your time pretending that you're going to the office, pero maaga ring aalis to go partying. Wala naman sa 'yo kung ano na ang kalagayan ng *Advercom* ngayon kasi unlike the other employees ng kompanya, sasahod ka kahit wala kang ginagawa. Tell me, Mr. Bermudez, may nagawa ka na ba sa buhay mo na kapaki-pakinabang

at naging beneficial sa iba? ‘Yung hindi sarili mo lang ang iniisip mo?’”

Ngumisi lang ito sa kanya bago siya tinalikuran. It was his indirect way of saying ‘I don’t care’.

“Tiwas na lang ako sa gulo, Tita Carmela. Warfreak ang creative director n’yo,” sabi nito sa matanda na para bang wala siyang binitawang mabibigat na salita tungkol sa pagkatao nito.

Didn’t he really care?

Tumayo siya at sinimulang sundan ito.

“Bella,” tawag sa kanya ni Tita Carmela. Pipigilan siguro siya. But she wouldn’t be stopped.

“Dugo at pawis ang ibinuhos ni Mama sa kompanyang ito, Tita. I don’t want it to go to waste. Hindi puwedeng hindi ako magsalita. I’m sorry, Tita. He had gone too far with his easy ways.”

Iyon lang at lumabas na siya ng opisina nito para sugurin ang lalaki sa silid nito.

---

“I still stand by my claim na ikaw ang magiging dahilan para bumagsak pang lalo ang *Advercom*, James,” matigas na sabi ni Bella sa likuran niya.

Gulat na nilingon niya ang babae.

“Did I tell you to come in?”

Napatutok ang paningin niya sa tsokolate nitong mga mata. Simula nang ma-realize niya ang totoong mukha nito behind the black makeup, hindi na niya napigilang pagnasaan ito.

Kung alam lang ni Bella kung hanggang saan ang ginagawa niya para lang maiwasan ito. Pero napakadali lamang para rito ang ganoong proximity sa pagitan nila. Hindi ba nito alam na sila lamang dalawa sa loob ng opisina niya?

“Kung wala kang pakialam sa mangyayari sa kompanya, resign. The likes of you shouldn’t be here.”

“And why would I do that?” tanong ni James. Nagsisimula nang makanti ni Bella ang pride niya. Irritation was starting to build inside him.

“Why would you want to stay?” she countered. “Wala ka namang pakialam kung anuman ang mangyari dito, di ba? Hindi ka apektado kung after six months, mawalan ng trabaho ang mga tao rito at isipin nila kung saan sila pupunta when most of them have worked with *Advercom* their whole lives!

“You live a charmed life. Kahit hindi ka

magtrabaho, sasahod ka pa rin. Kung magsara ang *Advercom*, sigurado akong hindi ka pa rin matitiis nina Tita Mari. They can't really let you become the prodigal son. They wouldn't want the name Bermudez go down to such a shame. But tell me, James, wala ka na ba talagang maihaharap sa amin aside from the name you're carrying?

“You are calling me ‘babaeng multo’ and ‘Sadako’ but I know who I am. Ikaw? Do you know who you are when you're only James Lawrence? Ni hindi mo nga kayang pangatawanan ang isang simpleng pangako, ang humawak pa kaya ng malaking kompanya?” litanya ng dalaga.

“Enough, Isabella. Hindi ko kailangang magpaliwanag sa ‘yo kung bakit ko ginagawa ang mga ginagawa ko. You're going below the belt,” madiin ang bawat salitang sabi niya.

Ganoon na lang ang pagpipigil ni James na huwag patulan ang babae. Pinatotoo ng mga sinabi nito ang matagal na niyang hinala na iniisip nito sa kanya. Mababa nga siya sa mga mata nito.

But Bella was right. He was just that. Just a Bermudez. Pero sino nga ba siya sa likod ng pangalang iyon?

“I should say sorry but I am not,” anito.

“Why would you? Do you even care about me?” galit na sagot niya. “Stop this, Bella. Alam naman nating pareho that I won’t measure up to successful people like you!”

“Then prove yourself! Prove to us that there’s more behind what other people see in you,” hamon ng dalaga. “Mahalaga sa akin ang kompanyang ito, James. Ano ang mahalaga sa ‘yo?’”

Natahimik siya. Ano nga ba ang mahalaga sa kanya?

“Why all the dramatics, Bella?” nakangising saad niya.

He reverted to the arrogant mode again. He needed that for himself... para protektahan ang sarili.

Kunot-noo na tiningnan siya ni Bella sa mga mata. Behind those expressive eyes of hers, he saw himself. An empty shell.

Muli, naka-disappoint si James ng isang tao. Dati ay wala siyang pakialam. Pero bakit ngayong nakita niya sa mga mata ng kababata ang disappointment na ‘yon, parang hindi yata siya mapakali? Like he had to prove himself to her somehow?



Umiling lang ito saka siya iniwan. Tinitigan niya ang pintong pabalagbag na isinara nito.

Meet up with Lucas San Gabriel? Kailangan lang niyang tawagan ang kabarkada niyang pinsan nito, alam niyang makakakuha na siya kaagad ng appointment. May utang-na-loob ang mga ito sa kanya dahil siya ang nagsalba sa pinsan nito nang mapaengkuwentro ito noong nasa Amerika at teenager pa lang sila.

Pero hindi kaagad niya sinabi sa mga ito na kilala niya ang mga San Gabriel sa hindi niya malamang dahilan. Siguro dahil sa gusto muna niyang masiguro na kanya na ang account bago pa man ibigay sa mga ito ang balitang iyon. Dahil kung tutuusin, it was too soon for him to say that they can bag the account.

He was just sure that for the percentage probability, *Advercom* got the upperhand.

Napabuntong-hiningang tiningnan niya ang numero ng kabarkadang si Andy San Gabriel sa cell phone niya. He had to call him right away.

---

“Hindi ko na siya maintindihan, Carl,” sumbong ni Bella sa pinsan. Kaagad niya itong tinawagan pagbalik sa opisina niya para ikuwento ang mga

nangyari. Hindi niya mapigilan ang sarili, but there was a nagging feeling inside her; something was not right with what happened.

And for the first time, nagi-guilty siya sa pang-iinsulto kay James, no matter how justified she felt about it.

“Ilang beses ko na siyang ininsulto, pero tinanggap lang niya iyon. And when I asked him kung ano ang mahalaga sa kanya, bumalik na naman siya sa pagiging arogante niya. But he never answered the question! May problema ba ang best friend mo?” patuloy niya.

“Uy, pinsan! Iba na ata ‘yan, ah. Concerned ka na sa kanya?”

“Tumigil ka nga!”

“Bakit? Sa tingin mo, pareho kayo? Mga artista?” natatawang sabi nito.

“Mga artista?” ulit ni Bella.

“Oo. Ito namang pinsan kong ito, oo. Sabay na tayong lumaki, akala mo ba na hindi ko alam na ‘yang gothic style mo was just a farce? Na hindi iyan ang totoong Isabella Valencia? Na ang totoo, mahilig ka sa purple and lively blue instead of black? At

nagrerebelde ka lang kaya ganyan ang style mo?”

“What are you talking about?” Paano nito nalaman ang tungkol sa purple bilang paboritong kulay niya?

“Ganito na lang, pinsan. Isipin mong hindi lang ikaw ang may hang-ups sa buhay. ‘Yang si James, marami rin ‘yang kadramahan. Siyempre, tao rin naman siya. Akala mo ba, kontento na lang talaga ang kaibigan kong ‘yan na ganyan ang buhay niya? Achiever siya noong elementary pa lang tayo at bago pa siya nagpunta sa Amerika, tanda mo?”

“Mayabang lang si James kaya ayaw aminin. Natural lang ‘yon; lalaki kami, eh. Aamin ba kami, halimbawa, na naliligaw na kami sa daan? Kaya ikaw, maghinay-hinay ka sa mga sinasabi mo. Aba’y below the belt na talaga ang mga sinabi mo.” Nakuha pa ni Carl na pangaralan siya.

“Nakakainis ka!” sabi ni Bella. “Nag-a-unload na nga sa ‘yo ng hinaing ang tao, lalo mo naman akong pinapa-guilty. Saka paano mo nalaman ‘yung tungkol sa purple?”

Tumawa ito sa kabilang linya. “Why don’t you just help James, instead of putting him down?”

“Why would I do that?” nabibiglang sagot niya.

“Hindi kami magkaibigan, ‘no!”

“Oh, but you were. Noong mga bata pa tayo, hindi ba’t tayo ang magkakasama noon?”

“Correction, magkakalaro tayo noon. There’s a big difference between playmates and friends.”

Lumabi pa ito maski hindi niya nakikita. “Sus! Crush na crush mo nga siya noon, eh. Bukambibig mo si Best Friend,” pambubuking ni Carl. “Aba’y natutulili kaya ang ears ko noon kapag lagi mo siyang ikinukuwento. Na para bang hindi ko na alam samantalang tayo nga ang magkakalaro noon.”

“Mag-reminisce ba,” nakasimangot na turan niya.

“Kaya nga ako nagtataka kung bakit ganyan na lang ang trato mo sa kanya. Hindi ba’t lumapit pa nga siya sa ‘yo noong bagong dating iyon galing Amerika? Pero tiningnan mo lang nang masama ‘tapos iniwan na. Kaya nainis sa ‘yo si James, eh.”

“Talagang pinangatawanan mo na ang maging konsyensya ko, ha,” asik ni Bella.

“Kasi ikaw, prejudiced ka na talaga doon sa tao. Hindi naman lahat ng lalaki katulad ni Tito Robert,”

Sumimangot siya. “Don’t say bad words, Carl.”

Parang na-underestimate niya ang pinsan. Ang dami nitong alam na hindi niya sinasabi. Pero wala namang bago roon. Observant talaga ang lalaki, masyadong perceptive. There were times that she just had to go to him with no explanations, just few words at alam na nito kaagad ang istorya.

Madugo rin itong magbigay ng komento. Dahil kadalasan ng sinasabi nito, totoo. That was the serious side of him. Si James, ano ang seryosong side nito?

“Oy, Isabelita! ‘Andito pa ako sa kabilang linya,” pukaw ni Carl sa kanya. Nahulaan yata nitong lumilipad ang diwa niya.

“Sorry,” aniya.

“Seryoso ako sa sinabi ko. Mag-sorry ka kay James. Kahit naman saang anggulong tingnan, wala ka pa ring karapatang sabihin ang mga sinabi mo. Saka tinatanong mo ako tungkol sa kulay na gusto mo na para namang hindi mo alam na ako lang ang mahilig pumasok sa workroom mo nang walang paalam. ‘Yung *Marian Series* na painting mo, hindi mawawalan ng kulay purple na palda.”

Muli siyang napasimangot. “Paano kung ayaw ko?” tanong ni Bella, tinutukoy ang pag-sorry kay James.

“Eh, di habambuhay kang ma-guilty,” walang gatol na sagot ng pinsan.

“Nakakainis ka!”

“Ako pa raw. Ikaw kaya ang nakakainis. Teka muna, ibaba mo na ang phone at hindi ako makapag-concentrate sa editorial ko. Mag-sorry ka, babae. Alam mong mali ka. Sige na. ‘Bye!’”

Napabuntong-hiningang ibinaba na rin ni Bella ang phone. Hindi nakatulong na tinawagan niya ang pinsan. Lalong lumalim ang guilt niya dahil sa tawag na iyon.

Nawala ang atensyon niya sa iniisip nang may kumatok sa pinto ng kanyang opisina. Nang binigyang-permiso niya ang taong iyon na maaaring tumuloy, nabigla siya nang si James ang pumasok sa loob.

Tahimik na pinagmasdan niya ito habang iniikot nito ang paningin sa buong paligid. Bago na ang style ng kuwarto niya. Naaayon na sa gusto niya ang dekorasyon.

“Black pa rin?” anang lalaki.

Napasimangot siya. Paano kaya siya matutuwa rito gayung sa mga simpleng bagay na sinasabi nito,

laging pinupuna ang itim na kulay sa buhay niya.

“Ano’ng ginagawa mo rito?” nakasimangot pa ring sabi ni Bella.

Ngumisi ang lalaki. “I was able to pull some strings. Ayusin mo ang sarili mo. We’re going to meet with Lucas San Gabriel sa susunod na araw.”

“Ano!” Nabigla siya. “Bakit kasama pa ako?”

“Didn’t you hear what Tita Carmela said? Tayo ang bahala sa account na ito. Bakit, naduduwag ka ba?”

Tiningnan niya si James nang masama. “Saan ako maduduwag?”

“Dahil imi-meet natin si Lucas San Gabriel. Balita ko, number one ang lalaking iyon sa bachelor’s list ngayong taon. Kasama ka ba sa mga babaeng nagpapantasya sa kanya? Ibig sabihin, sa kabila ng gothic style mo, babae ka pa rin at nahuhumaling sa mga katulad ni San Gabriel?”

Lalo niya itong sinimangutan. “Ewan ko sa ‘yo!”

“Hmm... paano kaya kita maihaharap sa kanya? Mga sexy at sopistikadang babae lang ang hinaharap ng lalaking ‘yon. Baka mahirapan tayong makuha ang account.”

“Paano namang naging basehan ang hitsura ko para sa isang effective na proposal?” hamon niya.

“I know him, Bella. He’s a certified womanizer.”

“Like you,” she retorted.

Napangisi uli ito. “Nagselos ka naman, sweetheart.”

“Mangarap ka!”

Tumawa ang lalaki. “Thanda mo ang sarili mo. We’ll meet him the next day after lunch at the *Manila Polo Club*.”

Iyon lang at umalis na si James.

Matagal nang nakasara ang pinto nang ma-realize ni Bella na Lucas San Gabriel III was a very busy man. Hindi ganoon kadaling kumuha ng appointment para makausap ito. Pero ang kaagad makausap ito in a matter of days dahil ginawa lang iyong posible ni James?

Lalo na siyang nakaramdam ng guilt sa mga sinabi niya rito kanina.

Walang pagdududa, alam niyang kaya rin nitong maging successful kung itutuon lang ng binata ang atensyon doon kaysa makipagsosyalan sa isang



mundong hindi nito alam kung alin ang totoo at hindi.

He was always first honor in his class when they were kids up until the time he went to the States. Proud na proud siya sa lalaki noon kapag umaakyat ito sa stage at sasabitan ng mama nito ng medal. Lagi siyang sumasama sa recognition ceremonies nito noon.

He had the makings of a leader back then. Then he had a fall-out. He became a gigolo, an aimless wanderer.

Totoo ang sinabi ni Carl. In some ways, magkapareho sila ni James. She, too, had a fall-out. She also changed. She wore black instead of purple.

Napaungol ang dalaga. She had really gone too far. At naiinis si Bella kasi alam niyang kailangan niyang mag-sorry sa binatang Bermudez.

# 4

*Sa Manila Polo Club, two days later...*

Nakita kaagad ni Bella ang unang ekspresyon ni Lucas San Gabriel nang makita sila nito ni James kasama si Andy, ang pinsan nito na siyang direktang kaibigan ng binata. Napangiwi ito. At hindi na niya kailangang itanong kung bakit. It was because of her.

But the man was a trained diplomat like his grandfather. Kaagad silang sinalubong nito habang nakalahad ang kamay to shake their hands, all-out ang ngiti at talaga namang guwapo. The San Gabriels were of Castilian-Austrian descent kung kaya parang foreigner ang lalaki pero matatas naman itong mag-Tagalog.

“Kapangalan mo ‘yung sikat na painter,” komento nito sa kanya nang ipakilala siya rito ni James.

Hindi pa man sila nagtatagal na magkakilala ay inis na kaagad si Bella sa Lucas na ito. He had the very same expression with that of James nang muli silang nagkita ng kababata. Kailangan pa niyang ipaalala sa sarili na may kailangan sila rito kung kaya nagtimpi pa rin siya.

Ngayon lang niya napagtanto, looks matter in a transaction. Naalala niya ang isang show na tungkol sa fashion at style ang pinag-uusapan. No matter how brilliant she could be or kung may pangalan siya, still, people will judge her firstly based on her looks. She was representing *Advercom* and *Advercom* was supposed to be stylish and artsy. Not a complete black.

“I am her,” amin ni Bella although she wasn’t smiling.

“Pardon?”

Inunahan siya ni James sa pagsagot. “She’s the painter you’re talking about, Lucas. Siya rin ang creative director ng *Advercom* ngayon,” anito.

“Oh, really? That’s interesting,” sagot ng lalaki, kumislap ang mga mata.

“Sentimental sa kanya ang *Advercom* kaya tinanggap niya ang posisyon,” dagdag pa nito.

“Oh, so you were with *Advercom*. Both of you?”

Tumango ang kasama. “I would like to talk to you about your new product,” walang preamble na sabi ni James pagkatapos ay nagtuloy-tuloy ito sa pagsasalita.

He already laid out his proposal to Lucas at

nabigla ang dalaga dahil maganda iyon. Hindi niya alam na nasa isip na pala iyon in just a matter of hours.

Again, James proved himself to her. He was a natural leader with a brilliant mind. Ngayon, habang kausap nito si Lucas na alam ng marami na very much accomplished ay hindi man lang ito nangingimi. He could hold his own. And he was confident of himself.

“Right, Bella?” baling nito sa kanya.

Napamalikmata siya habang derechong napatingin sa nakangiting mga mata ni James. Saka pa lang pumasok sa kanyang isip na ang huli palang sinabi nito ay magbibigay na sila ng idea presentation after a week. Sina Lucas at James kasi halos ang nag-uusap. Tahimik lang silang nakikinig ni Andy.

“Oh, right. Yeah, I will,” aniya.

Nagtawanan ang mga lalaki.

“Nabibigla ka ba kay James, Bella?” tanong ni Andy na tumatayo palang VP for marketing ng *San Gabriel Brewery*. “Ganyan talaga ang lalaking iyan; mabilis gumana ang isip. Actually, matagal na namin siyang kinukuha para magtrabaho sa *San Gabriel Brewery* pero nasa *Advercom* na pala siya. Eventually, ang *Bermudez Group* naman ang hahawakan mo,”

anito kay James.

The latter just smiled. She noted the uneasiness in his smile kung kaya nakumpirma niya na tama ang sinabi ni Carl. Maaaring may dinadala nga ito na pilit lang nitong itinatago behind that false bravado. Maaaring iyon din ba ang dahilan why he never kept his promise to her before he left?

Ngumiti rin si Bella sa mga ito. “Yeah, nagugulat nga ako. But I can give you the draft proposal in a week. Don’t worry about that.” Masyadong mabilis ang panahong inuukol ni James sa team niya, pero kailangan nila ang account at kahit papaano ay nakapag-conceptualize na rin naman sila nang nakaraang araw bago pa dumating ang meeting na ito.

“Yup, the proposal in a week,” segunda ni James. “Thank you, guys, for your time. I really appreciate it.”

“Alam mo naman, James, na hindi ka magdadalawang-salita sa amin,” sagot ni Andy. “Nga pala, mayroong cocktail party mamayang gabi ang kompanya namin. Sort of product launch pero hindi pa iyon official. Sorry for the short notice, Bella, but we would appreciate if you could come. We already sent James an invitation.”

“Ah, right. I almost forgot about that,” sagot ni James.

“I know you already said regrets to the secretariat but reconsider, James. And bring Bella along, will you?”

Tumawa ang lalaki habang tumatayo na. Inalalayan din siya nito sa pagtayo. “Thanks really, guys. We won’t be taking too much of your time. We’ll be going now,”

Iniabot ng dalaga ang kamay para muling makipagkamay sa mga ito. “Thanks. Nice meeting you,” aniya sa mga ito.

“Nice meeting you, too, Miss Valencia,” ani Andy. “I hope you’d send an invitation sa susunod mong exhibit.”

“Just call me ‘Bella’. I’m planning to have one soon. I’ll be sending your office the invite when everything’s ready. Thank you, Mr. San Gabriel,” baling niya kay Lucas.

He grasped her right hand with his both hands. “It’s great to know you in person,” anito.

For some reason, all-out ang charm na pinapakawalan nito ngayon. And he was looking at

her differently now. Katulad din ng pagkakatingin sa kanya ni James bago siya nito halikan. Bumalik ang uneasiness niya dahil doon.

“Sige, guys. Alis na kami. Thanks again,” sabad ni James na nakipagkamay sa magpinsan. Pagkatapos niyon ay hinila na siya nito palayo sa lugar na iyon.

---

Lucas saw what he saw in Bella behind that black and white mask. Sigurado si James doon dahil sa naging ekspresyon nito nang matitigan nang matagalan si Bella. At hindi siya mapakali dahil doon.

Iyon ang iniisip niya habang nagda-drive pabalik sa opisina nang marinig niyang nagsalita ang dalaga.

“I’m sorry,” anito.

Napalingon siya. Ang likod ng ulo nito ang nakita niya dahil nakaharap ito sa bintana ng sasakyan.

“Ano’ng sabi mo?” tanong ni James. Did he just hear her saying ‘sorry?’

“I need to apologize for being too emotional, hindi ko na na-control ang mga salitang lumabas sa bibig ko. I’m sorry.”

Nabigla ang binata. This side of Bella puzzled

him. Nag-sorry ito sa kanya!

Naalala niya ang unang pagtatagpo nila ni Bella noong kababalik pa niya sa States. They were both in a party hosted by her mother. Tita Estelle was alive back then.

Hindi siya pinansin nito noon. Nang lalapitan niya ito para kausapin ay umiwas ito na para bang may-sakit siya na nakakahawa. They talked once at nauwi lang iyon sa pagtatalo.

Mabibigat ang salitang iniwan nito sa kanya nang gabing iyon that it touched his pride. Totoo ang concern ni James nang tanungin niya ang babae, pero hindi nito iyon pinahalagahan. She stomped away from him and he let her.

“Why do you hate me?”

---

Napatingin si Bella sa katabi. Hindi niya inaasahang tatanungin nito iyon sa kanya.

“I don’t hate you,” walang emosyon na sagot niya.

Or rather, she hoped her answer lacked any emotions because emotions beget caring. At wala siyang pakialam sa lalaking katabi! O wala nga ba?



“I don’t think so. Why the animosity when you saw me again?”

“Sinabi ko na sa ‘yong hindi ako galit sa ‘yo.’”

“Ano’ng tawag mo d’on kung gan’on?”

“Wala lang.”

“Wala? We were childhood friends ‘tapos ngayon sasabihin mo sa aking wala?” Mahihimigan ang hindi pagkapaniwala sa boses nito.

“We’re just kids back then. Kung ano tayo noon, magkalaro lang. Gan’on lang.”

“I remember clearly treating you as one of my friends when we were still children, Bella,” giit nito. Ano ba’ng ginawa ko para itrato mo ako nang ganyan ngayon? At huwag mong sasabihin sa aking hindi iyon mahalaga, dahil kung hindi, hindi ka magkakaganyan.”

Napabuntong-hininga siya. “Babalik na naman ba tayo sa kung bakit ganito ang hitsura ko ngayon o kung bakit hindi ako nakatira sa bahay ng tatay ko o kung bakit gusto ko ang kulay na black?”

Alam niyang walang sinasabi sa kanya na ganoon si James, pero alam din niyang iyon ang mga naglalaro sa isip nito. Carl once told her about that

one time when James asked him what happened to her and why was she acting that way.

“Yes!”

“Whatever for?” nagtatakang tanong ni Bella.

“There’s that tone again. Ano ba talaga ang kasalanan ko sa ‘yo, Isabella? Bakit laging mainit ang ulo mo sa akin?”

*What’s with my tone?* tanong niya sa sarili. Iniiwas ng dalaga ang tingin at sa halip ay itinutok ang kanyang mga mata sa kalsada.

Naiinis si Bella rito kasi nagsisimula na siyang magduda sa sarili. Why, didn’t she just hear her conscience asking her if she really didn’t care about him?

“I already said I’m sorry. Let’s leave it at that, okay?”

Hindi kaagad sumagot ang lalaki.

“Tatanggapin mo ba ang sorry ko o hindi?”

“On one condition.”

“Ang arte mo! Tatanggapin mo lang o hindi ang sorry ko, may pakondi-kondisyon ka pa,” sikmat ni Bella.

“Kung ayaw mo, di ma-guilty ka.”

Napapikit si Bella. Hindi siya ang klase ng tao na madaling mag-handle ng guilt. Kapag alam niyang may ginawa siyang kasalanan sa isang tao, hindi siya titigil hangga’t hindi siya nakakabawi sa kasalanang iyon.

Isa kasi iyon sa mga prinsipyo niya sa buhay. Ang hindi matulad sa ama niyang hindi marunong tumupad ng pangako o magsisi sa kasalanan. Kamalas-malasan naman at alam ni James ang ugali niyang iyon.

“Anong kondisyon ‘yon?” sumusukong sabi ni Bella, muling ibinaling ang tingin sa labas.

“Stay with me this afternoon and onwards until evening.”

Marahas siyang napaligon sa lalaki. “What?”

“Yes. Be my date at the cocktail party tonight.”

Nanlaki ang mga mata niya. “What?”